Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni<br>Pansamantalang Nangulo sa Hapag |
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | Kasangguni |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 208-2020

ISANG KAPASIYAHAN MULA SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD, SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD, KGG. NOEL G. PINEDA NA NAGBIBIGAY NG MATAAS NA PAGKILALA AT NAGPAPAABOT NG TAOS-PUSONG PAGBATI KAY ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD NA ITINALAGA BILANG TAGAPANGULO NG OPTICAL MEDIA BOARD (OMB).

AKDA NI: KGG. NOEL G. PINEDA
KAMAY-AKDA: KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** noong ika-1 ng Oktubre, taong kasalukuyan ay naitalaga si Abgdo. Christian D. Natividad bilang Tagapangulo ng *Optical Media Board* (OMB);

**SAPAGKAT,** si Abgdo. Christian D. Natividad ay taal na taga-Malolos;

**SAPAGKAT,** marapat lamang na siya ay bigyang pagkilala sa mga makabuluhan at matagumpay na serbisyo publiko na kanyang ipinamalas sa Lungsod ng Malolos;

**SAPAGKAT,** pinaglingkuran niya ang Lungsod ng Malolos bilang *Chairman* ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Bungahan sa edad na labing walo (18), naglingkod bilang isang Kasangguni ng Sangguniang Bayan ng Malolos at naitala bilang pinaka-batang nahalal sa konseho at kinilala bilang *Senior Councilor*, naglingkod bilang Kasangguni ng Sangguniang Panlalawigan bilang *Senior Board Member* ng Unang Distrito ng Bulacan. Naglingkuran din bilang Punong Lungsod ng Lungsod ng Malolos sa loob ng siyam (9) na taon (tatlong (3) termino), kung saan ay pinarangalan bilang *Outstanding City Mayor of the Philippines* ng *Association of Local Social Welfare and Development Officers of the Philippines* sa tatlong (3) sunod-sunod na taon mula 2016 hanggang 2018. Sa kanyang termino, ang Lungsod ng Malolos ay ginawaran ng *Seal of Good Housekeeping* na itinalaga bilang isa sa pinaka-ligtas na siyudad sa buong Pilipinas;

**SAPAGKAT,** karangalan na ang isang anak ng dakilang Lungsod ng Malolos ay maitalaga bilang tagapangulo ng *Optical Media Board* (OMB), isang pang-nasyonal na sangay ng pamahalaan na tuwirang naglilingkod sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas;

Kung kaya't sa magalang na kahilingan ni Kgg. Francisco J. Castro na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na pagtibayin ang isang kapasiyahan mula sa bumubuo ng Sangguniang Panlungsod, sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod, Kgg. Noel G. Pineda na nagbibigay ng mataas na pagkilala at nagpapaabot ng taos-pusong pagbati kay Abgdo. Christian D. Natividad na itinalaga bilang Tagapangulo ng *Optical Media Board* (OMB).

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI | KGG. KIRK LOUIS NICOLAS<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI | KGG. ENRICO C. CAPULE<br>KASANGGUNI |

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI - Pansamantalang Nangulo sa Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10052020